# Kahulihan sa pagbayad ng upa

**Kahulihan sa pagbayad ng upa Mahalaga bilang nagun-gupahan sa Mission Australia Housing (MAH) ang regular at nasa oras na pagbayad ng upa sapagkat ang kita sa upa ay ang aming inaasahan upang patuloy na makapag bigay ng abot-kayang pabahay sa aming mga parokyano.**

## Kasunduan sa Pangungupahan

**Ang kasunduan sa pangungupahan na iyong pinirmahan noong magsimula ang iyong pag-upa ay nagsasaad na: "Ang mga nangungupahan ay dapat magbayad ng upa ng may kaagahan".**

Kung hindi ka makakabayad ng upa ng regular at ng maaga, at ang iyong rental account ay maging delinkwente, ikaw ay lumalabag sa kasunduan ng pangungupahan at ang Housing Managers ay mangangailangang gumawa ng kaukulang hakbang.

## 1-5 araw ng pagkahuli sa upa

Kung ang iyong pagbayad sa upa ay nahuhuli sa pagitan ng 1 at 5 araw, ang iyong Housing Man-ager ay tatawag sa iyo upang ipaalala ang pagbayad mo ng upa. Kung ikaw ay hindi matawagan sa telepono, ang iyong Housing Manager ay magpapadala ng paalala sa pamamagitan ng koreo.

## 5-14 araw ng pagkahuli sa upa

Kung ang iyong pagbayad sa upa ay nahuhuli sa pagitan ng 5 at 14 araw, ang iyong Housing Man-ager ay magpapadala sa iyo ng babala na nagbibigay abiso na kung ang iyong pagkahuli sa upa ay umabot ng mahigit 14 araw, ikaw ay maaaring bigyan ng Termination Notice.

Ang sulat na ipapadala sa iyo ay aabisuhan ka na magbayad sa pinaka madaling panahon o kung hindi mo ito magagawa ay dapat kang makipag-ugnayan sa opisina upang pagusapan ang sitwasyon at gumawa ng plano sa pagbayad (makikita sa sumusunod).

## Higit sa 14 araw ng pagkahuli sa upa

Kung ikaw ay mahuli sa pagbayad sa upa ng mahigit na 14 araw, ang Residential Tenancy Act ay nagsasaad na ikaw ay maaaring bigyan ng abiso na kinakailangan mong lumisan sa iyong tinitirhan. Ikaw ay kinakailangan magbayad ng kulang sa upa sa loob ng 14 araw (mula sa araw na ipinadala ang abiso). Kung makatanggap ka ng ganitong abiso kinakailangan mong makipag-ugnayan sa iyong Housing Manager sa lalong madaling panahon.

## Plano sa pagbayad

Kung ikaw ay mahuli sa pagbayad ng upa at walang kakayahang magbayad ng lahat ng utang sa pamamagitan ng isang bayaran, kinakailangan mong makipag ugnayan sa iyong Housing Manager upang makahingi ng plano kung paano mo mababayaran ang natitira mong utang.

**It is important that you keep to any payment plan that is established and that you make all your payments on time. If you do not keep to the agreement, your housing manager may apply to the state based Tribunal or Court to have the matter heard (see below).**

## Tenancy Tribunals at Magistrates Court

Bawat estado ay mayroong Tribunal o korte kung saan ang mga alitan sa pabahay ay dinidinig. Ang mga Housing Managers ay maaaring humiling ng pagdinig sa korte kung ikaw ay nahuhuli sa pagbayad sa upa at ikaw ay hindi nakakasunod sa plano ng pagbayad.
Sa pagdinig, ang Housing Manager ay maaaring humiling ng legal na umiiral na kautusan para sa iyong pagbayad ng utang sa upa o sa mas malubhang kaso, maaaring humiling na tapusin ang iyong pag-upa. Kung ang iyong pag-upa ay humantong korte ay kinakailangan mong lumisan sa iyong tinitirhan.

MISSION AUSTRALIA together we stand

**Kung kailanga mo ng tulong sa ibang wika, mangyaring makipag-ugnay sa Translating and Interpreting Service (TIS) National sa 131450.**

## Pagsangguni sa mga Serbisyong Pang-suporta

Ang mga tauhan ng MAH ay maaari kang isangguni sa iba't ibang serbisyo na makakatulong sa iyo kasama na ang:

- pinansiyal na pagpapayo
- Pagkalulong sa pagsusugal
- Suporta sa pamilya at mga bata
- Mga serbisyong pang-trabaho

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong rental account o upang makatanggap ng kopya ng babayarang renta, maaaring makipag-ugnayan sa inyong lokal na opisina ng MAH sa 1800 269 672.**

## Contact us

**Mission Australia Housing**
580 George Street
Sydney NSW 2000

1800 269 672

missionaustralia.com.au